


Prinsesa Sa Kabundukan

May isang bundok na napakaganda, pero napakatarik kaya madalang ang umaakyat. Wala ring sasakyang nakararating doon. Akala ng mga tao ay walang nakatira sa bundok na iyon. Pero may mga katutubong nakatira doon at ang tawag sa kanila ay mga "Ita". Kakaunti lang silang nakatira doon. Pinuno nila si Haring Lingawan at Reyna Beata.

Malungkot ang Hari at Reyna dahil wala silang anak. Tuwing hapon, may isang bundok silang inaakyat para doon magdasal. Idinarasal nila sa kanilang Anito na iligtas sila at ang kabilang bundok sa masasama. Hinihiling din nila na bigyan sila ng anak.

Dininig ng Anito ang kanilang dasal. Biniyayaan sila ng isang prinsesang napakaganda. May buhok ito na kulot na kulot at mabibilog na mata. "Napakagandang "Ita," ang sabi ng mga tao. Prinsesa Opi ang itinawag sa bata.





Isang araw, naghanda ng salu-salo ang Hari. Pinadalo ang lahat. Ang saya saya nilang lahat nang biglang may nakita silang mga taong parating. Nagtaka ang mga katutubo. Sinalubong nila ang mga parating at iniharap ang mga ito sa Hari. Tinanong sila ng Hari kung paano nila natunton at kung ano ang pakay nila sa lugar na iyon.

Sumagot ang isa sa kanila: "Naghahanap po kami ng pagkain at lugar na pwede naming tirhan," ang sabi nila. Hindi umimik ang Hari. Pero naawa rin siya kayat inanyayahan niyang kumain ang mga bisita. Pagkatapos, ipinakilala ng Hari ang Reyna at ang kanyang anak na Prinsesa. Pagkakita kay Prinsesa Opi, humanga ang mga bisita dahil sa kakaibang ganda nito. "Ito ang pinakamagandang katutubo na nakita natin" ang naibulong nila. Tinanong ang Hari at Reyna at Prinsesa kung payag silang manirahan doon ang mga taong dumating. "Maaari silang manirahan dito," sabi ng Reyna at Prinsesa "para may kasama tayong mangalaga sa ating lugar." Tuwang-tuwa ang mga tao. Laking pasasalamat nila. Mula noon doon na sila nanirahan at dumami sila. Tinawag nilang "MABITA" ang lugar na iyon. Ibig sabihin, mabait na Ita.

